

# Pananampalataya at Paggawa sa Islam



Pag-aaralan Para sa mga Pilipino

Ang Pagsisikap ay Pagsamba — Ang Katamaran ay Pagpapabaya  
Hindi hinihiling ng Islam ang mga mananampalataya na maging tamad, kundi maging mga taong sumasamba kay Allah sa kanilang mga moske at sa kanilang pang-araw-araw na gawain.

## Ang Pananampalataya ay Hindi Lang mga Salita

Sa Islam, ang pananampalataya (īmān) ay hindi ganap kung walang gawa ('amal).

Ang paniniwalang walang bunga ng pagsisikap ay isang hungkag na pag-angkin.

Sinabi sa Qur'an: "Sabihin mo: Gumawa kayo, at makikita ni Allah ang inyong mga gawa." (9:105)

"At ang mabuting salita ay umaakyat sa Kanya, at ang mabuting gawa ang nagtataas nito." (35:10)

Ang tunay na pananampalataya ay nagtutulak sa mananampalataya na magsikap, maglingkod, at makatulong sa iba. Bawat gawain na may taos-pusong layunin ay isang uri ng pagsamba.

## Magtiwala kay Allah, Ngunit Kumilos

May ilan na nagkakamaling isipin na ang pagtitiwala kay Allah (tawakkul) ay hindi paggawa.

Isang lalaki ang iniwan ang kanyang kamelyo na hindi nakatali at nagsabi: "Nagtitiwala ako kay Allah."

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Talian mo muna, saka ka magtiwala kay Allah."

Ang tunay na pagtitiwala ay paggamit ng mga paraan na ibinigay ni Allah, saka ipagkatiwala ang resulta sa Kanya.

Ang pananampalatayang walang gawa ay hindi pananampalataya — ito ay pagpapabaya.

## Mensahe para sa Mananampalataya

O mananampalataya,

Ipamuhay mo ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng iyong mga gawa.

Maging masipag, matapat, at kapaki-pakinabang.

Simulan ang bawat gawain nang may layuning sambahin si Allah.

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Ang malakas na mananampalataya ay mas mabuti at mas mahal ni Allah kaysa sa mahina, ngunit sa dalawa ay may kabutihan."

Ang mga nagsasanib ng pananampalataya at gawa ay pinagpapala sa mundong ito at ginagantimpalaan sa kabilang buhay.

"Magtrabaho para sa mundong ito na para bang mamuhay ka magpakailanman, at para sa kabilang buhay na para bang mamamatay ka bukas."

## Pangwakas

Ang Islam ay relihiyon ng pagkilos, hindi ng kawalang-ginagawa.

Magtrabaho nang taos-puso, magtiwala kay Allah, at hayaang maging daan ng iyong pagsisikap tungo sa Paraiso.

## Ang Trabaho ay Pagsamba

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Walang sinumang kumakain ng mas mabuti kaysa sa kinita ng sarili niyang kamay."

At sinabi rin niya: "Mas mabuti para sa inyo na magputol ng kahoy at ibenta ito kaysa mamalimos sa tao."

Sa Islam, ang trabaho ay anyo ng pagsamba — isang paraan ng pagpapanatili ng dangal at karangalan.

Ang kamay na gumagawa ay kamay na mahal ni Allah.

## Ang Halaga ng Pagsisikap

Sinabi ni Allah: "Walang matatamo ang tao maliban sa kanyang pinagsikapan, at makikita ang kanyang pagsisikap." (53:39-40)

Sa Islam, ang pagsisikap ay sagrado.

Ang magsasaka, guro, manggagawa, manggagamot — kapag tapat sa kanilang trabaho, sila ay nasa kalagayan ng pagsamba.

Kahit ang pinakamaliit na serbisyo ay mahalaga sa paningin ni Allah.

